File

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 16, 2007, ARAW NG BIYERNES, SA GANAP NA IKA-10:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Bryan R. Lateo | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Narciso A. Cayos | ........ | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco | ........ | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 050-T'07

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 02-T'2007 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 02-T'2007 NG BARANGAY PALASAN NA NAGPAPATIBAY NG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN SIYAMNAPU'T TATLONG LIBO SIYAMNARAAN APATNAPU'T ANIM NA PISO AT DALAWAMPUNG SENTIMOS (P193,946.20).

SAPAGKA'T, may mga binalangkas na programa, , proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Palasan para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC #70 ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Palasan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jun M. Asinas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco at Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 02-T2007 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T2007 ng Barangay Palasan na nagpapatibay ng Annual Investment Plan (AIP) na nagkakahalaga ng P193,946.20.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Palasan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan